

Maginged, Midsanao at iba pa: Mahalagang Ambag na Salita ng mga Magindanawon sa Wikang Filipino

Panimula

Tinutulayan ng wikang Filipino, bilang wikang pambansa, ang ugnayan ng iba't ibang etnikong grupo sa Pilipinas. Bilang lingua franca naman, naipapahayag nito ang iba't ibang pag-iisip ng bawat tribu sa bansa. Kung gayun, mahalaga ang papel ng wikang Filipino sa pagkakaisa ng Pilipinas. Ngunit, bilang wikang pambansa na nakasalig ang paglinang sa iba't ibang katutubong wika sa bansa, mabibigyan naman nito ng pagkakataon na maipahayag ang kaisipan ng ibang katutubong tribu sa Pilipinas tulad ng mga Magindanaw, Maranaw, Tausug at iba pa.

Ang pagpapakahulugan ng wikang Filipino bilang wika na mula sa iba't ibang wika sa Pilipinas ay naglalarawan sa hangaring pag-ugnayan ang iba't ibang kultura sa bansa. Mahalagang silipin sa bahaging ito na pinatutuyan ng wikang Filipino ang pagkabuhol ng wika at kultura. Higit na naging mahalaga ang pambansang wika hindi lamang sa larangan ng komunikasyon, maging sa impluwensya din ng ating kultura at lalo na sa proseso ng ating pag-iisip bilang mga Filipino. Ang pagpasok ng mga katutubong wika sa wikang pambansa ay masasabing pagtanggap rin sa mga katutubong kultura at paraan ng pagpapahayag. Wika nga ni Kottak (1999:67), ang iba't ibang mga wika ay nagpapahayag ng iba-ibang paraan ng pag-iisip. Mula naman sa ideya nina Sapir at Whorf na mas kilala sa tawag na *Sapir-Whorf Hypothesis* (nasa Littlejohn, 2002:177), **the structure of a culture's language determines the behavior and habits of thinking in that culture**. Higit na ipinaliwanag nito na ang pagtanggap ng mga konsepto at salita ng wikang Filipino sa mga katutubong kultura at wika ay daan sa pagiging epektibong lingua franca nito.

Ang Pilipinas ay binubuo ng mga pulo. Bawat pulo rito ay may mga wika at wikain na ginagamit ng mga mamamayan. Ang sitwasyong ito ay isang malaking hamon sa wikang Filipino

na mapag-ugnay ang bawat mamamayan sa bawat pulo. Magiging higit na magaan ang pakikipag-ugnayan gamit ang pambansang wika kapag napapaloob dito ang konsepto ng iba't ibang grupo, mayorya man o minoritya, sa bansa. Dahil naging bukas ang wikang pambansa sa iba't ibang kultura sa Pilipinas, magiging magaan ang tatahaking pag-unlad nito. Ganito rin ang pananaw ng Summer Institute of Linguistics (SIL). Makikita ito sa sumunod na pahayag:

SIL views its role in language development as one of partnership with the local community, providing knowledge about language and culture to help communities make decisions and plan how they want their language developed
(<http://www.sil.org/SOCIOLX/LangDev.html>).

Ang ugnayan ng wika, kultura at lipunan na ipinapakita ng wikang Filipino ay higit na maipapaliwanag sa mga katutubong salitang Magindanawon na inilahad sa ibaba. Ang Magindanawon bilang katutubong wika ng Pilipinas ay makatutulong din sa pag-unlad ng wikang Filipino. Sa puntong ito, tinalakay sa ibaba ang mga salitang Magindanawon na maaaring makapag-ambag sa pag-unlad ng wikang pambansa. Tangan ng mga salita ang pagiging 'iba' ng mga Magindanawon at gayundin ang kanyang pagkakahawig sa ibang katutubong wika sa Pilipinas, partikular sa pulo ng Mindanao.

Pagtalakay sa mga Salitang Magindanawon

Ang mga salitang binigyan ng kahulugan, etimolohiya at paliwanag ay ang **agong, kalimudan, halal at haram, maginged, malatabat, midsanao, at tantawan.**

1. AGONG

Agong ang tawag sa malaking grupo o set ng mga gong sa basalen (mga musikal na instrumento) ng mga Magindanawon. Itinuring itong mahalagang gamit sa buhay ng mga Magindanawon at ng mga katutubong Mindanawon. Isa itong mahalagang kayamanan dahil ginamit ito sa iba't ibang okasyon o pagtitipon.

Gamit ng Agong sa mga Maginadanawon

Bago napasok ng modernisasyon at kulturang kanluranin ang Mindanaw, *sultanate* ang umiral na sistema ng pamamahala sa Magindanaw. Pinamunuan at pinamahalaan ng sultan ang bayang ito na pinakamapangyarihang tao sa lipunang Magindanawon. Sa panahong ito, ang agong at iba pang gamit na gawa sa tanso ang isa sa pinakamahalagang kagamitan.

Naging pinakamahalagang gamit bilang midyum ng komunikasyon sa lahat ng nasasakupan ng sultan ang agong. Ginamit ito bilang pantawag lalo na kung may mahalagang pagpupulong o piging ang kanilang tribu. Halimbawa, kapag nais ng sultan na tipunin ang lahat ng myembro ng kanyang pamayanan, ipinatugtog nang malakas ang agong.

Narito naman ang iba't ibang gamit ng agong:

- ❖ *Ang agong sa patay.* Ipinapatugtog ang agong kapag may namatay na mahalagang myembro ng pamilya na kabilang sa angkan ng mga kadatuan (ruling class). Kapag ang dahilan sa pagkamatay ng isang datu o pinuno ng mga Magindanawon at Manuvo ay pagpaslang, ang pagtugtog ng agong ay walang katapusan hangga't matipon ang mga sandatahang kalalakihan sa tulugan (palasyo) ng sultan. Ang mga kalalakihang ito ay handang pumatay at mamatay para lamang maipaghiganti ang kanilang datu o pinuno.
- ❖ *Ang agong sa pag-aayuno.* Sa panahon ng kapayapaan, ginamit naman ang agong bilang panggising sa madaling araw ng mga Magindanawan na

mag-aayuno. Ito ay ginawa sa mga kanayunan at sa mga nakatira sa bundok na wala pang relo kundi tilaok ng manok lamang ang basehan ng oras. Pinapatugtog nang mabilis ang agong pagkatapos ay may dalawang malakas na tugtog sa huli. Ibig sabihin nito na alas dos o 2:00 na ng madaling-araw. Sa oras na ito, lahat ng inang Magindanawon (Muslim) ay gigising upang ihanda ang hapag-kainan bago sumapit ang alas tres 3:00 ng madaling araw.

Mahalaga para sa mga kanayunan ang tugtog ng agong dahil magkalayo ang kanilang mga bahay, lalo na sa mga nakatira sa mga bundok. Agong ang naging pinakamabilis na instrumento upang maipaabot sa kanila ang mensahe sa isa't isa.

- ❖ *Ang agong sa pag-aasawa.* Isa ring mahalagang kagamitan ang agong na tatanggapin ng mga magulang at kamag-anak ng babaeng Magindanawan sa pagpapakasal. Ito ay itinuring na bahagi ng dote o dowry o bigay-kaya ng lalaking Magindanawan para sa pamilya ng babaeng mapapangasawa.
- ❖ *Ang agong bilang kabayaran sa pagpaparusa.* Halimbawa, ang lalaki ay nagkasala tulad ng panghihipo sa babae. Itinuring ito bilang hindi gaanong mabigat na kasalanan. Ang agong at iba pang gawa sa tanso na kayamanan ng mga katutubong Magindawon ang kabayaran noong araw.

Sa kasalukuyan, ang agong ay madalas maririnig sa isang radyo, partikular sa DXKI ng South Cotabato. Ginagawa nilang *station I.D. o station tag* ang agong bilang pagtukoy ng 'panawagan'. Madalas maririnig sa istasyong ito ang pariralang 'nagapaagong kami' at ang ibig sabihin ay 'nananawagan kami'. Ang konsepto ng agong

sa bahaging ito ay naasimila mula sa konsepto sa gamit ng agong sa panahon ng *sultanate period* sa bayan ng Magindanaw. Gayunpaman, nagkakaroon ng pagbabago sapagkat madalas ginagamit ang agong sa kasalukuyan para pakinggan, gisingin, pukawin ang mga taong kasangkot sa isang pangyayari sa lipunan gaya ng mga pulitikong nakalimot sa kanilang trabaho, sa mga taong gumagawa ng hindi maganda sa kapwa, sa mga humihingi ng tulong at iba pa.

Ang Agong Bilnag Salita sa Kasulukuyang Panahon

Sa bagong kahulugan ng agong ay ipinakikilala and popular na kultura ng mga mamamayan dito sa Mindanaw dulot ng paglago ng teknolohiya. Ang pagsulpot ng modernong teknolohiya ay nagdudulot ng karagdagang kahulugan sa salitang agong.

Dahil sa impluwensya ng radio broadcasting unti-unting nakasanayan ng mga tao dito sa Mindanao and bagong kahulugan ng salitang agong. Hindi lang ito isang pangalang pangtangi na tumutukoy sa isang instrumentong pangmusika ng mga Magindanawon. Bagkus and salitang agong ay naging isang pangngalang pambalana na rin. Katunayan, dahil sa halos pabalik-balik na ginagamit ito sa mga radyo, nakasanayan na ng mga tao dito sa Mindanaw na makarinig o ginagamit ang salitang sa pang araw-araw na pakikipagtalastasan bilang pangngalan na ang ibig sabihin ay “panawagan”.

Halimbawa: Dahil sa agong/panawagan ni Nena sa radyo, naibalik na sa kanya ang nawawala niyang pitaka.

Pwede na ring pandiwa ang salitang agong na ang ibig sabihin ay “mananawagan”, “pagsisiwalat”, “pagbubunyag” o “pagsusumbong” gaya ng mga sumusunod na halimbawa:

1. Nagpapaagong (nanawagan) ako sa lahat ng tao na kung makakita kayo ng isang itim na bag na may lamang importanteng dokumento, maari nyo pong tawagan ang numerong ito: 844-2671.
2. Narinig mo ba na ipinaagong (ibinunyang o isiniwalat) ni Juan Dela Cruz sa radyo kahapon ang mga katiwaliang ginagawa ng mga sikat na politiko?
3. Madaling nadakip ang mga kriminal dahil nag agong (nagsumbong) ang mga tao sa awtoridad.

Ginagamit din ng mga taga-Mindanao bilang figure of speech na ang ibig sabihin ay “malakas”. Halimbawa: Dahil sa agong (malakas) na tinig ni Aling Linda alam ng buong nayon na nag-away sila ng kanya asawa.

Sa kasalukuyan ang salitang agong ay tumutukoy sa salitang “panawagan”, “pagsiwalat”, “pantawag-pansin o pagsusumbong”. Kinakatawan ng agong ang pagbabago ng wika sa lipunang kumakandong nito. Ang dalang bagong kahulugan ng Agong ay nangyayari sa iba’t ibang bahagi ng Mindanao. Ang agong ay naging bahagi na ng ating buhay mula pa noong mga sinaunang panahon . Kaya ako ngayon ay taos pusong nagpapaagong (manawagan) sa inyong lahat!

2. KALIMUDAN

Ang ibig sabihin ng *kalimudan* ay *pagtitipon*. Mula ito sa salitang-ugat na *limud* na ang ibig sabihin ay *tipon*.

Unang ginamit ni dating Alkalde Luvizminda J. Tan, unang babaeng alkalde sa bayan ng Kabakan, ang salitang kalimudan. Nagpatawag siya ng pagtitipon sa lahat ng naninirahang Muslim sa bayan ng Kabakan pagkatapos niyang mahalal na alkalde. Layunin nito na mabigyan ng pagkakataon ang mga kapatid nating Muslim na maipakita at maipamalas ang kagandahan ng kanilang kultura tatlong araw bago sumapit ang pag-aayuno ng mga Muslim. Nais niyang ipakita, itala, idokumento at ilahok sa pambansang pagkakilanlan at pambansang wika ang iba't ibang kultura at wika ng mga mamamayang Moro. Gayundin, nais rin niyang buhayin sa pagtitipon na ito ang pagpapahalaga ng mga kabataang Moro sa kanilang sariling kultura gaya ng;

- ❖ Pagpapakita ng galing sa paggamit ng iba't-ibang katutubong musikal instrumento gaya ng basalen (kulintang ensembles), kutyapi (two-stringed guitar), palendag/suling (bamboo flute) at iba pa.
- ❖ Pagpapakitang gilas sa paggamit ng iba't-ibang katutubong laro gaya ng sipa sa manggis, kagkuya, kambinti at iba pa.
- ❖ Pagpapakita ng galing sa larangan ng musika ng dayunday, kambayuka at Moro songs.
- ❖ Pagpapakita ng katutubong kasuotan ng iba't-ibang tribo ng mga Muslim sa Mindanao
- ❖ Pagpapakita ng iba't-ibang katutubong sayaw at
- ❖ Pagpipili ng Muntya na Kalimudan (beauty pageant using their cultural attire)

Kultural na Konsepto ng Kalimudan

Ipinapakita ng mga Magindanawan ang iba't ibang kalimudan bilang tanda ng kanilang kultura. May ginawang kalimudan para sa pagdadalamhati, sa pagpuputong ng korona sa sultan, sa kasalan, sa oras ng panganib at iba pa.

Ang kalimudan sa panahon ng pagdadalamhati ay ipinapakita ng Magindanawan sa pamamagitan ng paglalagay ng mga palamuting kulay puti. Kapag ang yumaong Magindanawan ay myembro sa angkan ng kadatuan o dugong bughaw, ang mga *pandala* o *flaglets* na iwawagayway ay puti. Ito ay tanda ng kanilang pagluluksa. Maliban sa puting pandala na iwinawagayway, nagpapatugtog din ng awitin mula sa pagbasa sa mga bersikulo sa Qur'an. Ang mga nakikitipon naman sa okasyong ito ay nagpapakita ng pakikiramay, pagdadalamhati at higit sa lahat ng pagtulong o pagbibigay ng anumang bagay na kailangan ng mga namatayan.

Sa panahon ng kasiyahan, sa kasalan o sa pagpuputong ng korona sa sultan, iba't ibang makukulay na pandala naman at mga tugtugin ang makikita at maririnig. Makikita sa kanila ang bakas ng kasiyahan at para sa mga musikero ang kagalingan sa pagtugtog ng kulintang, bayok at kutyapi. Ipinapakita rin sa okasyong ito ang pagtitipon nang nagtutulong-tulong dahil sa sama-sama nilang pagtulong sa mga gawain sa araw ng kasiyahan, lalo na sa okasyong kasalan, pagsalubong sa mga galing sa Mecca, pag-Islam at iba pa.

Kapag ang bayan ay nalalagay naman sa panganib o may nagbabanta sa kanilang kapayapaan, nagpapatawag naman ng *kalimudan* para planuhin ang mga dapat gawin para sa kaligtasan ng kanilang tribu. Anumang uri ng kalimudan mayroon sa bawat

okasyon hindi nawawala ang kaunting kainan at pagbabahagi ng pasasalamat sa tinanggap na biyaya mula sa Allah.

3. HALAL at HARAM

Ang salitang **halal** ay may mahalagang gamit sa paniniwalang *Islam*. Ang banal na Koran ng mga Muslim at banal na Bibliya ng mga Kristyano ang nagsasabing magkaparis ang mga salitang magkasalungat.

Pagkain. Ang **halal** ay yaong minamarapat kainin at gawin ng isang Muslim at ang **haram** ay yaong ipinagbabawal kainin at gawin ng isang Muslim. Dapat may gantipala ang umiwas sa **haram** at parusa sa sinumang lumabag. Ang mga sumusunod ang mahigpit na ipinagbabawal kainin o **haram** dahil hindi itinuturing na **halal**.

1. Lahat ng hayop na walang hati ang paa (undivided hoof), liban sa baboy at aso;
2. Baboy at aso dahil nabanggit sa banal na kasulatan (Qur'an); na bawal kainin ng isang mananampalataya sa paniniwalang Islam.
3. Dugong sariwa mula sa tao at hayop.
4. Mga hayop na kinatay nang hindi man lamang nabigkas ang Pangalan ng Dakilang Lumikha o hindi nadasalan bago katayin (sinumbali).
5. Lahat ng kinakain ng tao na nahaluan ng mga nabanggit sa itaas.
6. Gayundin ang lahat ng uri ng inuming nakakalasing o alak.

Pangkabuhayan. **Halal** ang kabuhayan o hanapbuhay kung ginagawa sa legal na paraan. Halimbawa – Pagtatrabaho sa pamamagitan ng pagsisikap: hindi nagnanakaw, hindi paggamit ng anumang gamit ng iba nang walang pahintulot, hindi panlalalamat sa kapwa at iba pa.

Ang tunay na Muslim ay dapat mamuhay sa legal na kaparaanan. Samakatwid, ang **halal** ay may kahulugang karapat-dapat o siyang nararapat at ang **haram** ay ang ipinagbabawal o di-karapat-dapat.

Ang Halal sa Wikang Filipino

Sa Pilipinas na pinaiiiral ang pamahalaang demokratiko, ang salitang ***halal** ay mayroon ding kahulugan. Tinatawag din itong boto.

Ang halal ay ginagamit sa halalan na isang proseso ng pagpapalit ng liderato sa politika ng ating bansa. Ang halal ng taumbayan ang siyang dapat maluklok sa posisyon. Walang karapatan ang mga hindi nanalo na lumuklok sa trono. Ang taong inihalal ng taumbayan ang nararapat at karapat-dapat sa isang posisyon sa pamahalaan. Samakatwid, ang **halal (permissible)** mula sa salitang Arabic ay may kahulugang *karapat-dapat* para sa mananampalataya ng Islam, at ang salitang **halal** sa Filipino ay may kahulugan ding karapat-dapat sa larangan ng pulitika.

Bakit nararapat maisama sa diksyunaryong Filipino ang salitang HALAL?

Sa panahon ngayon, maraming restawrant o kainan ang naglalagay ng salitang **halal** upang ipabatid sa mga mamamayang Muslim na ang mga pagkaing inihahanda ay karapat-dapat na pagkain para sa kanila. Ang mga Muslim naman ay palagay ang loob kung may nababasang **halal** lalo pa kung walang ipinagbibiling karneng baboy at alak. Dahil dito, ipinalalagay nilang malinis at karapat-dapat sa mga mamamayang Muslim ang kainan o restaurant. Kung minsan nagagamit din sa maling paraan ang salitang **halal**.

Halimbawa may nakapaskil na **halal** subalit may ipinagbibiling dinuguan, baboy, alak at karneng baboy. Sa sitwasyong ito hindi alam ng may-ari ng restawrant ang ibig sabihin ng katagang **halal**. Marahil panahon na upang ipabatid sa madla na ang salitang **halal** ay napakahalaga para sa mga Muslim dahil napapaloob sa kahulugan nito ang katapatan sa pananampalatayang Islam. Mahalaga rin ang salitang **halal** sa Filipino dahil nangangahulugan ito na *karapat-dapat* na malukluk sa posisyon ang kandidatong ibinoto ng taong bayan.

4. MAGINGED

May dalawang kahulugan ang salitang **maginged** depende sa pagbigkas nito. Pag Binibigkas ang salitang ito na ang diin ay nasa pangalawang pantig [/magi:nged/] ito ay nangangahulugang *mamamayan*. Kapag ang diin naman ay nasa ikatlo o huling pantig ng salita [/magingéd/], nangangahulugan naman itong *manirahan*. Mula naman sa salitang-ugat na *inged* ang **maginged** na ang ibig sabihin ay *bayan*. Halimbawa ang awiting-bayan sa Magindanawan na *Inged ko a Mindanaw* ay nangangahulugang “Bayan Kong Mindanaw”. Minsan ang *inged* ay singkahulugan ng *bahay* tulad ng pariralang *inged a puliga* o “bahay ng langgam”.

Sa kabilang banda, ang salitang **maginged** ay isa sa dalawang salita na pinanggalingan ng salitang Magindanaw o Magindanawan. Ang ikalawang salita naman ay **danaw** na tumutukoy sa sinaunang look na makikita noong araw sa kinalalagyan ngayon ng Notre Dame University at ng Cotabato City.

Maginged at Kwentong-Bayan ng Magindanaw

Ayon sa oral tradisyon ng mga katutubong Manuvo at Magindanawan, ang *pre-islamic identity* ng mga Magindanawan ay Manuvo. Ang salitang Manuvo ay mga tao sa Banuvo Village, ang kauna-unahang pamayanang nabuo nina Tambunaway at Mamalu sa may Nuling Sultan Kudarat Magindanaw. Sina Tambunaway at Mamalu ay magkapatid. Ayon sa salaysay, pagkatapos niyakap ng isa sa magkapatid ang paniniwalang Islam ay naghanda ang buong lipi ng pangkalahatang pagtitipon upang ipabatid sa kanilang nasasakupan ang kanilang napagkasunduan at sumpaan bilang magkapatid at pinuno ng kanilang pamayanan.

Una: Ang kanilang bayan, ang pulong Mindanaw ay hahatiin sa dalawa. Ang kabundukan at ang kapatagan. Ang kapatagang bahagi ay laan para sa angkan, lahi at tagasunod ng bunso sa magkapatid at ang bulubunduking bahagi naman ay inilalaan sa angkan, lahi at tagasunod ng nakakatanda sa dalawang magkapatid. Dahil sakaling may hindi magandang pangyayari sa buhay ng kanilang bunsong kapatid at mga tagasunod nito ay madaling makita ng kanyang kapatid at mga tagasunod na laging nanununghay upang ipangtanggol sa lahat ng kapahamakan.

Pangalawa: Sumumpa sa harap ng kanilang nasasakupan ang magkapatid habang kumakain sa iisang pinggan na minana pa nila sa kanilang inang si Paramisuli. Ito ang binigkas: Mahigpit na ipinagbabawal ang patayan sa pagitan ng kanilang angkan at tagasunod. Kailangang manatiling magkapatid ang turingan ng bawat isa sa kanilang angkan at mga tagasunod kahit malayo sa piling ng isa't isa. Magtutulungan at magdamayan sa lahat ng panahon. (Sugoy; 1990).

Ang sinumang susuway sa kanilang kasunduan at sumpaang magkapatid ay sasapitin ang isang malupit na kamatayang inilalarawan sa ibaba

1. Cutting into pieces by a pole of rattan;
2. smashing into pieces by a clay pot ; and
3. burning of a torch

Ipinabatid ng dalawang magkapatid sa kanilang nasasakupan na hindi hadlang sa kanilang pagkakapatiran ang bagong paniniwala. Bagamat ito ang naging sanhi ng kanilang paghihiwalay sampu ng kanilang mga tagasunod ay hinihingi nila ang malawakang pang-unawa at respeto sa naging kapasyahan ng isa sa kanila.

Bago maghatinggabi ng araw na yon ay lumisan ang unang pangkat ng magkapatid at binigyan ng tagubilin na humayo sa lahat ng kabundukan papuntang silangan ng kanilang lupain. Pagkatapos ng mahabang paglalakbay, napadpad sila sa Aroman. Ito ay isang malawak na pamayanan ng mga Manubo sa Carmen, Cotabato. Sa kabilang banda naman, ang ikalawang kapatid ay lumikas din at sinunod ang utos na tahakin ang bulubunduking bahagi ng Awang at Upi. Ito ay mga bayan na pinaninirahan ng mga katutubong Tiruray. Tinawag silang TIDULAY ng mga kapatid nating Magindanawon dahil naisama ng pangkat na ito ang kanilang pikaka-pinuno.

Samantala, ang naiwang pangkat ay nag-isip-isip at nagtanung-tanong saan sila pupunta. Nasambit ng kanilang butihing pinuno ang pahayag na “Maginged tano sa Danaw”. Ito ay nangangahulugang maninirahan tayo malapit sa lawa. Simula noon, tuwing may magtatanong sa pangalan ng kanilang bayan, sinasagot ng mga tagasunod ang *maginged sa danaw* o mga taong naninirahan sa danaw. Hindi nagtagal, ang pariralang “Maginged sa Danaw” ay naging Magindanawan na lamang. Magindanaw kung tumutukoy sa Bayan. Magindanawon kung tinutukoy sa mga taong naninirahan dito.

5. MALATABAT

Ang salitang **malatabat** o **maatabat** ay di pangkaraniwan ang gamit sa salitang Magindanawan dahil ito ay palaging tumutukoy sa katayuan ng isang mamamayan sa kanilang pamayanan. May varyant ang salitang **malatabat**. Sa mga Tausug, ito ay **mahtabbat** o **maltabbat**. Sa mga Maranaw naman, ito ay **maratabat**.

Para sa mga mamamayang Tausug, ang **maltabbat** ay may kahulugang *pride*, at *self-esteem* naman sa mga Maranaw.

Ang Pinagmulan ng Konsepto ng Malatabat

Ang pamayanang Magindanawan noong araw ay dichotomize o nahahati sa dalawa: *Kadatuan* (ruling class) at *endatuan* (followers class). Heyograpikal silang nahahati sa: *Tau-sa-laya* na nasa itaas ng daluyan ng Pulangi River, *Tau-sa-ilud* na nasa ibaba ng daluyan, at *Tau-sa-Biwang* mga taong nanirahan sa mga pook na hindi inabot ng Reo Grande o Pulangi tulad ng Lebak at Palimbang.

Dati-rati ang lipunang Magindanawan ay nahahati sa *Balabansa* (dugong bughaw), *Matag-a-tao* (pangkaraniwan), at *Ulipen* (alipin). Dito nagsimula ang konsepto ng **malatabat** na may mahalagang papel sa buhay ng mga morong Magindanawan.

Sa *Balabansa* o sa uring dugong bughaw nagmula ang grupo ng *kadatuan* na siyang uring namumuno. Ang grupong ito ay muling hinati sa grupong *pedtaylan* na nangangahulugang mga anak mula sa mag-asawang parehong nabibilang sa dugong bughaw; *embangian* o mestiso na mga anak ng mag-asawang nabibilang sa magkaibang tulad ng isang dugong bughaw at isang karaniwang mamamayan o ng ibang grupo.

Dati-rati, sa kasalang Magindanawan, ang mga magulang ng babaing ikakasal ay laging humihingi ng *family tree* ng lalaking ikakasal. Lubhang mahalaga ang *tarsilan* o jenialoji sa nakararaming magulang na Magindanawan lalo na ang nabibilang sa dugong bughaw.

Kapag nalaman na ang pamilyang pinagmulan ng lalaking ikakasal, may karapatan ang mga magulang ng babaing ikakasal na itaas o ibaba ang halaga ng dowri. Kung sakaling itaas ng mga magulang at iba pang kasama ang halaga ng dowri nangangahulugan ito na ang **malatabat** ng lalaking ikakasal ay hindi makapapantay sa babaing ikakasal. Ang pagtataas ng halaga ng dowri ay isang di-direktang pagtanggig ng mga magulang ng babae sa mungkahing pagpapakasal. Ginagawa ang pagtataas ng halaga ng dowri upang umatras ang pamilya ng lalake.

Ang Malatabat sa Lipunang Magindawan at Maranaw

Sa lipunang Maranaw, ang pagtangkilik sa **malatabat** ay palaging nagiging sanhi ng *rido* o di-pagkakaunawaan. Halimbawa – Kapag inalipusta ang isang lalaking Maranaw o Magindanawan at di naipaghiganti o naipagtanggol ang sarili sa pang-aalipusta, siya ay babansagan na **walang malatabat** o taong di nararapat mapabilang sa kaniyang lahi.

May positibong implikasyon ang **malatabat**, ngunit mayroon din namang negatibong implikasyon. Ang halimbawa ng positibong implikasyon ay makikita sa pagtutulungan ng mag-anak dahil bawat isa ay tagapag-alaga sa dangal ng kanilang lahi/angkan o pamilya. Ang halimbawa naman ng negatibong implikasyonay kung wala sa matuwid ang ipinaglalaman ang grupo ay nagkakaroon ng di magandang imahe.

6. MIDSANAO

Panumbas ito ng mga Magindanawon sa salitang espanyol na dilubyo at *great flood* naman sa Ingles. Tumutukoy ito sa isang malaking baha na laging nararanasan ng mga tao sa Magindanaw at maging sa ibang bahagi ng Mindanao na malapit sa makasaysayang ilog ng Pulangi o Rio Grande.

Midsanao bilang Mitolohiya ng Magindanaw

Ang **midsanao** ang pinagmulan ng salitang Magindanaw. Pinatutunayan ito mismo sa kwentong-bayan ng Magindanaw. Mula sa pagsalaysay ni dating Superintendent Sangcupan Ito ng dibisyon ng Cotabato ang matinding baha na nararanasan ng mga Magindanawan ang dahilan kaya nabuo ang salitang **midsanao**.

Bago pa man lumaganap ang paniniwalang Islam sa ating kapuluan, may mga tao ng naninirahan sa pulo ng Mindanaw. Matutunghayan ito sa aklat ng kasaysayan ng Pilipinas na malaya silang namuhay at nagkaroon ng ugnayang pangkalakalan sa iba't ibang bahagi ng bansa, partikular sa Mindanaw. Ang mga produktong pang-agrikultura mula sa iba't ibang bayan ng Mindanaw ay nadala sa iba't ibang pamilihing-bayan sa pamamagitan ng balsa o bangka. Ang makasaysayang ilog ng Pulangi o Rio Grande de Mindanao ang nagsilbing daanan sa paghatid ng iba't ibang produkto patungo sa bayan ng Simuay na sentro ng kalakalan sa Mindanaw noong unang panahon.

Ang ilog ng Rio Grande ay nagsimula sa Agusan, Northern Mindanaw at bumabagtas sa maraming bayan sa probinsya ng Mindanaw. Nagtapos ang daloy ng naturang ilog papunta sa *Moro Gulf*. Mula sa naturang ilog, gumamit ng balsa ang mga

mangangalakal mula sa apat na katawan ng saging na o higit pa na pinutol para makapaglakbay at mailako ang bilingin sa sentro ng pamilihang bayan.

Samantala, ang makasaysayang ilog ng Pulangi o Rio Grande ay may kaugalian na biglang tataas o aapaw ang tubig taun-taon. Mangyayari ang ganitong penomenon tatlong beses minsan sa isang taon, mayroon ding isang beses sa loob ng limang taon o di kaya'y isang beses sa loob ng pitong taon. Sa kabila nito, dahil malapit ang ilang mamamayan sa malaking ilog na ito naging bihasa sila sa paglangoy at ang pangingsda ay isa sa kanilang pangunahing hanapbuhay. Gayunpaman, dahil sa mga pag-apaw na nararanasan hindi maiiwasang magkaroon ng kaba sa tuwing mangingsda sila. Ang pangyayaring ito ay dahilan para tawagin ang mga tao malapit sa ilog ng Rio Grande bilang *people of the flooded plain*. Indi naglaon, naging kilala naman ang kanilang bayan bilang Magindanaw.

Kultural na Konsepto ng Midsanao ng mga Magindanawan

Ang salitang **midsanao** ay mula sa salitang ugat na **sanao**. Ito ay may kinalaman tungkol sa kaalaman sa kamatayan ng isang Magindanawon. Sa kulturang Magindanawan, ang salitang **Sanao** ay isa sa tatlong kaalaman na maaari niyang madala kapag siya ay mamatay. Ang iba pang dalawang kaalaman na maaari nilang madala ay ang **Langiap** at **Mambalo-badan**.

Ang **sanao** ay kaalaman tungkol sa pagkamatay ng tao na kailangang maaagnas muna ang kanyang katawang lupa bago makanahap ng panibagong buhay o katawang lupa. Pinaniniwalaan ng mga Magindanawon na ang katawang lupa ng tao ay binubuo ng apat na elemento: ang apoy, tubig, hangin at lupa. Kailangan munang makuha ng apat na elementong ito ang kanilang karapatan sa namatay bago magkaroon ito ng panibagong

buhay sa araw ng paghukom. Gayundin, bago mangyari ang mga ito nakasasalay naman sa gawain ng taong namatay bago siya binawian ng buhay ang kanyang panibagong pisikal na kaanyuan.

Ang ikalawang kaalaman naman sa pagkamatay ng Magindanawon ay ang **langiap**. Taglay ng salitang ito ang paniniwalang maaaring hukayin at suriin kung buo pa ang katawan pagkatapos mailibing nang tatlong araw ang bangkay. Tiningnan dito kung ang inilibing na katawan ay nawala o nasa libingan pa. Kapag nawala ang bangkay sa libingan pagkalipas ng tatlong araw, pinaniniwalaan ng mga Magindanawon na ito ay kinuha ng kanilang ninuno at dinala sa mundo ng mga espiritu. Babalik lamang ang kanyang bangkay sa araw ng paghuhukom.

Mambalo-badan naman ang ikatlong kaalaman tungkol sa kamatayan. Isinasaad sa kaalamang ito na ang katawang-lupa ng Magindanawon ay hindi naaagnas at hindi rin maglalaho. Mananatili ang hitsura at anyo ng bangkay hanggang sa araw ng paghuhukom.

Sa tatlong mga kaalaman sa kamatayan, **Sanao** ang nais ng mga Magindanawon. Taglay ng konseptong ito ang pagkabuhay muli ng isang taong namatay o *resurrection* sa wikang Ingles. Dahil sa paniniwalang ito, ang isang Magindanawon ay nagsusumikap na gumawa ng mabuti upang mabigyan ng bagong katawang lupa pagkatapos ng kanilang kamatayan.

Ang salitang Midasanao ay isang mahalagang ambag sa bokabularyo ng wikang Filipino. Bukod sa ito ay isang katutubong panumbas sa espanyol na dilubyo, nagtataglay pa ito ng kasaysayan, paniniwala at kulturang Magindawon. Ang paglakip nito sa salita

ng wikang bansa ay maglalarawan sa pag-uugnayan at pag-uunawa ng iba't ibang pangkat etniko sa Pilipinas.

7. TANTAWAN

Ang salitang ito ay Magindanawan na mula sa salitang-ugat na *tantaw*. Nangangahulugan itong dungawin o tingnan mula sa mataas na lugar. Ang *tantawan* naman ay tumutukoy sa isang mataas na bahagi ng gusali/imprastruktura o pulo na maaaring makita ang bawat taong paparating. Ang tantawan ay itinatumbas ng mga Magindanawan sa *tore*.

Naging mahalagang gusali ang *tantawan* sa panahon ng pananakop ng mga Kastila. Dito tinitingnan ng mga kawal ni Sultan Muhammad Dipatuan Kudarat ang sinumang papalapit sa kanilang kuta – kaibigan man at higit lalo sa mga kaaway na mga Kastila. Matatagpuan ang *tantawan* noon sa gulod ng kasalukuyang PC Hill sa Magindanaw. Napalitan ng PC Hill ang tantawang ito noong panahon ng rehimeng Marcos dahil dito nagkuta ang mga Philippines Constabulary (PC) na tagasuporta ng dating Pangulong Ferdinand E. Marcos.

Ang Tantawan sa Kasalukuyang Panahon

Sa ngayon, ang salitang tantawan ay ginagamit ng rebulosyonaryong samahan na binuo ni Ustadz Salamat Hashim - isang Magindanawan na naging Muslim Scholar. Karamihan sa mga myembro ng samahan ay Magindanawan at kilala sa tawag na Moro Islamic Liberation Front o MILF. Ang grupong ito ay may lingguhang dyaryo na pinamagatang MARADEKA. May bahagi o kolum dito na tinatawag na Tantawan.

Laman ng bahaging ito ang mga opinyon ng mga Moro tungkol sa mga pangyayari sa kanilang paligid. Ito ang gustong-gusto na basahin ng mga Magindanawan.

Ang konsepto ng *tantawan* sa bahaging ito ay kasingkahulugan ng prediskyon tungkol sa mga pangyayari sa kanilang pamayanan. Gayundin, naging kaugnay ito sa mga bagay na maaaring patutunguhan ng mga kabataang Moro o sa maging kinabukasan nito. May elemento o formula kung baga ito ng panghuhula.

Ambag ng mga Salita sa Wikang Pambansa

Magiging mahalagang ambag sa pag-unlad ng wikang Filipino ang mga salitang Mindanawon na tinalakay sa unahan sapagkat nagtataglay ito ng konsepto na hindi pa saklaw ng ating wikang pambansa. Higit lalo, ang mga salitang ito ay may tangan na aspektong kultural na magiging daan sa pag-unawa ng ibang tribu sa grupo ng mga Magindanaw. Bukod sa magiging dagdag ito na bokabularyo ng wikang Filipino, ang mga salita ring ito ay *focal vocabulary* ng mga Magindanawan. Nangangahulugang ang mga salitang ito ay mahalagang mga termino na nagpapakita ng pagiging ‘iba’ ng mga Magindanawan sa ibang grupo sa ating bansa. Taglay ng mga salitang ito hindi lamang ang larawan at kultura ng mga taga-Maginadanaw bagkus maging ang kanilang mga paniniwala, kasaysayan, kwentong-bayan at mga pananaw.

Sanggunian:

Kottak, Conrad Phillip. 1999 (2nd Ed.). **Mirror for Humanity: A Concise**

Introduction to Cultural Anthropology. USA: McGraw-Hill College.

Littlejohn, Stephen W. 2002. **Theories of Human Communication.** USA: Wadsworth Group

<http://www.sil.org/SOCIOLX/LangDev.html>

